Hindi maghahatol ang isa sa inyo sa pagitan ng dalawa na siya ay galit

Ayon kay 'Abdurrahmān bin Abē Bakrah,Nagsabi siya:((Sumalat ang ama ko-o sumulat Ako sa kanya-para sa anak niya na si 'Ubaydallah bin Abē Bakrah bin Abē Bakrah at siya ay isang Taga-Hatol sa Sijistān: Na huwag kang humatol sa pagitan ng dalawa na ikaw ay galit,sapagkat narinig ko ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagsasabi: Huwag humatol ang isa sa inyo sa pagitan ng dalawa na siya ay galit)) At sa isang salaysay:((Huwag na huwag humatol ang Taga-Hatol sa pagitan ng dalawa na siya ay galit))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinagbawal sa Batas ng Islām na may tingib na Karunungan,Na humatol ang Taga-hatol sa pagitan ng mga Tao na siya ay galit; ito ay dahil sa ang galit ay nakaka-apekto sa pagbabalanse sa pagkatao ng Tao,Kung kaya't hindi sigurado na (hindi siya makapag-hatol ng) hindi makatarungan o gawing mali ang tama sa oras na nagagalit siya.At ito ay magiging hindi makatarungan sa hinahatulan niya at isang kasawian sa Taga-Hatol at kaparusahan sa kanya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/2988